REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

## KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-15

**KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA KGG. VICENTE SOTTO, KGG. RAUL ROCO, KGG. MANUEL VILLAR AT KALIHIM RICARDO GLORIA NA MAGPANUKALA NG ISANG BATAS NA MAGTATATAG NG DIBISYON NG KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA, KASAMA ANG MGA KARAPATAN, PRIBILEHIYO, KAPANGYARIHAN AT PANANAGUTANG NAUUKOL DITO.**

**********************************************************************************

| | | |
|---|---|---|
| Ipinanukala ni | : | **KGG. JAIME R. FRESNEDI** |
| Kasamang nagpanukala | : | **LAHAT NG MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANGLUNGSOD** |

**********************************************************************************

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan, ang Dibisyon ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports na sumasakop sa Lungsod ng Muntinlupa ay sumasailalim pa sa Dibisyong MUNTAPAT (binubuo ng Muntinlupa, Taguig at Pateros);

**SAPAGKAT,** ang Dibisyong Muntapat ay sumasakop sa malaking bahagi ng rehiyon (National Capital Region) at hindi ganap na nakapag-uukol ng pansin sa pamamahala ng mga Pampublikong Paaralan;

**SAPAGKAT,** ang pagkakaroon ng isang hiwalay na dibisyon para sa Lungsod ng Muntinlupa ay higit na makapagbibigay ng pagkakataon sa isang "Division Superintendent" na matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral, guro at paaralan sa lungsod, gayundin ang pagtataguyod ng karapatan ng mga mag-aaral ng Muntinlupa sa may kalidad na edukasyon;

**SAPAGKAT,** tulad ng ibang lungsod sa ating bansa, ang Lungsod ng Muntinlupa ay nararapat lamang na magkaroon ng sariling Dibisyon ng kagawaran para sa malaya at mabisang paglilingkuran sa bayan at mag-aaral.

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na hilingin, na ngayon ay hinihiling sa **Kgg. Vicente Sotto, Kgg. Raul Roco, Kgg. Manuel Villar at Kalihim Ricardo T. Gloria** na magpanukala ng isang batas na magtatatag ng Dibisyon ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports sa Lungsod ng Muntinlupa, kasama ang mga karapatan, pribilehiyo, kapangyarihan at pananagutang nauukol dito.

**PINAGPASIYAHAN PA,** na bigyan ng sipi ang **KGG. VICENTE SOTTO, KGG. RAUL ROCO, KGG. MANUEL VILLAR AT KALIHIM RICARDO GLORIA.**

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika-10 ng Marso, 1997 sa ginanap na ika-74 na Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON:**

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES**<br>Konsehal | **KGG. DANTE S. ALMARIO**<br>Konsehal |
| **KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**<br>Konsehal | **KGG. VICTOR L. ULANDAY**<br>Konsehal |
| **KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>Konsehal | **KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**<br>Konsehal |

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

***Pahina -2-***
***Kapasiyahang Panglungsod Bilang***

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong-Barangay

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sanggunaing Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa:_____________________